Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-20 NG MARSO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9.45 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | .............. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | | *Gumanap na Tagapangulo* |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .............. | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .............. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Linjuco | .............. | Kagawad |

DI-DUMALO: Nasa Lakad Opisyal

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .............. | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .............. | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | .............. | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 114-T'2002*

*KAPASIYAHANG NIRARATIPIKA ANG KASUNDUANG PINASUKAN NG KGG. PUNONG BAYAN DOMINGO G. PANGANIBAN AT GNG. CARMELITA R. GARCIA HINGGIL SA PAGTATAPON NG BASURA SA ISANG BAHAGI NG LUPANG PRIBADO SA NASASAKUPAN NG BARANGAY SAN ANTONIO, LUISIANA, LAGUNA, NA BABAYARAN SA HALAGANG P40,000.00 BAWAT BUWAN.*

*SAPAGKA'T*, may panibagong kasunduang isinagawa ukol sa pagtatapon ng basura sa isang pribadong lupang pag-aari ni Gng. Carmelita R. Garcia sa Brgy. San Antonio, Lusiana, Laguna;

*SAPAGKA'T*, ang itinakdang halaga sa pagtatapon ng basura ay umaabot ng P40,000.00 bawat buwan;

*SAPAGKA'T*, ang naturang kasunduan ay magkakabisa sa nilolooban ng ika-4 hanggang ika-24 ng Marso, ng taong kasalukuyan habang ang pamahalaang bayan ay hindi pa nagkakaroon ng sariling tapunan ng basura;

*SAPAGKA'T*, ang naturang halagang ibabayad sa pagtatapon ng basura ang siyang halagang ipinaiiral ayon sa kasunduan at anumang halaga ang naging kalakaran nang mga nakaraan ay pinawawalang-bisa;

*SAPAGKA'T*, ang kontrata ay pinagtibay base sa pagsunod sa mga patakarang nakapaloob dito;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Edgardo T. Porca, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat, Bernardo E. Ison at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na ratipikahin ang kasunduang pinasukan ng Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban at Gng. Carmelita R. Garcia hinggil sa pagtatapon ng basura sa isang bahagi ng lupang pribado sa nasasakupan ng Brgy. San Antonio, Luisiana, Laguna, na babayaran sa halagang P40,000.00 bawat buwan.

*INIUUTOS* : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan. Pambayang Pinuno sa Badyet. Pambayang Ingat-Yaman. Pambayang Tagatuos at Pambayang Manananggol. bayang ito at Gng. Carmelita R. Garcia, Luisiana, Laguna, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*
*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

MARIA LUISA F. JOLO
Gumanap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMING[redacted]ANGANIBAN
Punong Bayan